

1 **LUGAR NG LOKAL NA PAGPAPLANO PARA SA ESPESYAL NA EDUKASYON NG**

2 \_\_\_\_\_  
3 **DISTRITO NG PAARALAN NG** \_\_\_\_\_

4  
5 **Abiso sa Magulang/Tagapag-alaga/Kahaliling Magulang**  
6 **Abiso sa mga Pamamaraang Pananggalang**

7  
8 Ang abisong ito ay ipinagkakaloob sa inyo bilang mga magulang, legal na  
9 tagapag-alaga, kahaliling magulang o hinirang ng hukuman na may hawak ng mga  
10 karapatan sa edukasyon, dahil ang inyong anak ay tumatanggap ng mga serbisyo para  
11 sa espesyal na edukasyon o ini-refer para sa posibleng pagkakatalaga sa espesyal na  
12 edukasyon. Ang impormasyong ito ay ang inyong Notice of Procedural Safeguards  
13 (Abiso sa mga Pamamaraang Pananggalang o Abiso) gaya ng iniaatas sa ilalim ng  
14 Individuals with Disabilities Education Act (IDEA, Batas sa Edukasyon para sa mga may  
15 Kapansanan). Ang IDEA ay isang pederal na batas na nag-aatas sa mga distrito ng  
16 paaralan na magkaloob ng "free appropriate public education" (FAPE, libreng  
17 naaangkop na pampublikong edukasyon) sa mga karapat-dapat na batang may mga  
18 kapansanan, gaya ng higit pang paglalarawan sa ibaba. Ipagkakaloob din ang Abisong  
19 ito sa mga estudyanteng nararapat sa mga karapatang ito sa edad na labing-walong  
20 (18) taong gulang. Layunin ng Abisong ito ang ipaliwanag sa inyo ang inyong mga  
21 karapatan bilang magulang ng batang may mga kapansanan sa ilalim ng mga pederal  
22 na batas at batas ng estado. Sa California, ang espesyal na edukasyon ay  
23 ipinagkakaloob sa mga batang may kapansanan sa pagitan ng kapanganakan at  
24 ikadalawampu't dalawang (ika-22) kaarawan ng estudyante. Pinoprotektahan kayo at  
25 ang inyong anak ng mga pederal na batas at batas ng estado sa kabuuan ng mga  
26 pamamaraan para sa pagsusuri at pagtukoy ng pagtatalaga at mga serbisyo sa  
27 espesyal na edukasyon. Ang mga magulang ng mga batang may mga kapansanan ay  
28 may karapatang makibahagi sa proseso ng individualized education program (IEP,  
29 programa ng nakapang-indibidwal na edukasyon), kabilang ang pagbuo ng IEP, at  
30 mabigyan ng kaalaman ng tungkol sa pagkakaroon ng FAPE at ng lahat ng

1 alternatibong programang mayroon, kabilang ang mga programang pampubliko at hindi  
2 pampubliko.

3  
4 Isang kopya ng Abisong ito ang ibibigay sa inyo nang isang beses lamang sa  
5 taon ng pag-aaral; maliban sa kopyang dapat ding ibigay sa inyo (1) sa paunang  
6 referral o inyong kahilingan para sa pagsusuri; (2) sa panahon ng pagtanggap ng unang  
7 paghahain ng reklamo sa estado o reklamo sa kaukulang proseso sa taon ng pag-aaral;  
8 (3) kapag nagpasyang gumawa ng pandisiplinang pagbabago sa pagtatalaga; o (4)  
9 kung inyong hihilingin. May karapatan kayong tumanggap ng Abisong ito sa inyong  
10 pangunahin/katutubong wika o iba pang paraan ng komunikasyon, maliban kung  
11 malinaw na hindi posibleng gawin ito. Ang Abisong ito ay maaari ring isalin nang  
12 pasalita sa inyo kung ang inyong pangunahin/katutubong wika o iba pang paraan ng  
13 komunikasyon ay hindi isang isinusulat na wika. **[OPSYONAL: Isang kopya ng**  
14 **Abisong ito ang makukuha sa website ng Distrito ng Paaralan ng**  
15 \_\_\_\_\_{insert name} sa: \_\_\_\_\_{insert link}.]

16 Ang mga depinisyon sa ibaba ay makatutulong sa inyong maunawaan ang Abiso sa  
17 mga karapatang ipinagkakaloob dito.

18 (20 U.S.C. seksyon 1415(d); 34 C.F.R. mga seksyon 300.29 at 300.504; Kodigo ng  
19 Edukasyon mga seksyon 56021.1(a), 56301(d)(2), 56321(b), at 56506(a).)

### 21 MGA DEPINISYON

22 Ang **mga Batang may mga Kapansanan** na tinutukoy rin bilang mga indibidwal na  
23 may mga eksepsiyonal na pangangailangan ay inilalarawan ng pederal na batas at  
24 batas ng estado bilang kinabibilangan ng mga batang may mga kapansanang  
25 intelektwal, kapansanan sa pandinig (kabilang ang kawalan ng kakayahang makarinig),  
26 kapansanan sa pananalita o wika, kapansanan sa paningin (kabilang ang kawalan ng  
27 kakayahang makakita), pagkagambala sa emosyon, kapansanang ortopediko, autismo,  
28 traumatic brain injury (may trauma na pinsala sa utak), iba pang mga kapansanan sa  
29 kalusugan, partikular na kapansanan sa pag-aaral, kawalan ng kakayahang makarinig-  
30 makakita; at sa kadahilanang ito, ang mga nangangailangan ng espesyal na edukasyon  
31 at mga kaugnay na serbisyo.

1 (20 U.S.C. seksyon 1402(3); 34 C.F.R. seksyon 300.8; Kodigo ng Edukasyon seksyon  
2 56026; 5 Kodigo ng mga Regulasyon ng California (CCR) seksyon 3030.)

3  
4 Ang **Pagsusuri** ay nangangahulugang pagtatasa sa inyong anak gamit ang iba't ibang  
5 pagsusulit at panukat alinsunod sa mga batas ng estado at pederal na batas upang  
6 malaman kung ang inyong anak ay may kapansanan at ang katangian at abot ng  
7 espesyal na edukasyon at mga kaugnay na serbisyong kailangan ng inyong anak para  
8 sa kanyang kapakinabangang pang-edukasyon. Isa-isang pinili ang mga kasangkapan  
9 sa pagtatasa para sa inyong anak at pinangangasiwaan ng mga may kasanayan at may  
10 kaalamang propesyonal na nagtatrabaho o nakakontrata sa distrito ng paaralan. Hindi  
11 kasama sa mga pagsusulit na ito ang mga pangunahing pagsusulit na ibinibigay sa  
12 lahat ng bata sa paaralan.

13 (34 C.F.R. mga seksyon 300.15, 300.304 – 300.311; Kodigo ng Edukasyon mga  
14 seksyon 56302.5 at 56320.)

15  
16 Ang **Individualized Education Program (IEP, Programa ng Nakapang-indibidwal na**  
17 **Edukasyon**) ay inilalarawan bilang nakasulat na dokumentong binuo ng pangkat ng  
18 IEP ng inyong anak na kinabibilangan ng hindi bababa sa lahat ng sumusunod: (1) mga  
19 kasalukuyang antas ng natamasa sa pag-aaral at mga punsyonal na pagganap; (2)  
20 mga masusukat na taunang mithiin; (3) isang paglalarawan ng kung paano susukatin  
21 ang pag-unlad ng bata tungo sa pagtugon sa mga taunang mithiin at kung kailan  
22 ibibigay ang mga pana-panahong ulat tungkol sa pag-unlad ng bata tungo sa pagtugon  
23 sa mga taunang mithiin; (4) isang pahayag sa espesyal na edukasyon at mga kaugnay  
24 na serbisyo at mga karagdagang tulong at serbisyong ipagkakaloob sa bata; (5) isang  
25 paliwanag ng abot ng kung saan hindi makikilaok ang bata sa mga batang walang  
26 kapansanan sa mga programa ng pangkalahatang edukasyon; (6) isang paliwanag ng  
27 anumang mga indibidwal na naaangkop na akomodasyon na kailangan upang masukat  
28 ang natamasa sa pag-aaral at punsyonal na pagganap ng bata sa mga pagtatasa sa  
29 estado at buong distrito; at (7) ang inaasahang petsa para sa pagsisimula at  
30 inaasahang itatagal, dalas at lokasyon ng mga programa, serbisyo at pagbabagong  
31 nakapaloob sa IEP.

1 (20 U.S.C. seksyon 1414(d); 34 C.F.R. mga seksyon 300.22, 300.320-300.324; Kodigo  
2 ng Edukasyon seksyon 56345.)

3  
4 Ang **Free Appropriate Public Education (FAPE, Libreng Naaangkop na**  
5 **Pampublikong Edukasyon**) ay inilalarawan bilang espesyal na edukasyon at mga  
6 kaugnay na serbisyong: (1) ipinagkakaloob na sagutin ng pamahalaan, sa ilalim ng  
7 pampublikong pangangasiwa at direksyon, at hindi sinisingil sa inyo; (2) tumutugon sa  
8 mga pamantayan ng California Department of Education (CDE, Kagawaran ng  
9 Edukasyon ng California); (3) ipinagkakaloob bilang pag-ayon sa nakasulat na IEP na  
10 binuo para sa inyong anak upang igawad ang kapakinabangang pang-edukasyon; (4)  
11 ipinagkakaloob sa isang naaangkop na programa ng paaralang preschool, elementarya  
12 o sekundarya ng Estado, o sa isang hindi pampublikong paaralan kung walang  
13 naaangkop na programa sa distrito ng paaralan.

14 (20 U.S.C. seksyon 1402(9); 34 C.F.R. seksyon 300.17; Kodigo ng Edukasyon seksyon  
15 56040.)

16  
17 Ang **Least Restrictive Environment (LRE, Kapaligirang may Pinakakaunting**  
18 **Restriksyon**) ay nangangahulugan na sa abot ng pinakanaaangkop, ang mga batang  
19 may mga kapansanan ay pag-aaralin kasama ang mga batang walang kapansanan, at  
20 na ang mga espesyal na klase, hiwalay na pag-aaral, o iba pang pag-aalis sa mga  
21 batang may mga kapansanan mula sa kapaligiran ng regular na edukasyon ay  
22 mangyayari lamang kapag sa katangian ng kalubhaan ng kapansanan ay hindi  
23 maisasakatuparan nang kasiya-siya ang edukasyon sa mga regular na klase na gamit  
24 ang mga karagdagang tulong at serbisyo.

25 (20 U.S.C. seksyon 1412(a)(5); 34 C.F.R. seksyon 300.114; Kodigo ng Edukasyon  
26 seksyon 56040.1.)

27  
28  
29 Ang **mga Kaugnay na Serbisyo** ay nangangahulugang transportasyon at mga  
30 naturang serbisyo para sa paglaki, pagtatama at sumusuporta na maaaring kailanganin  
31 upang tulungan ang isang batang may kapansanan na makinabang sa espesyal na

1 edukasyon, kabilang ang maagang pagtuklas at pagtatasa ng mga kondisyong  
2 nagdudulot ng kapansanan. Maaari ring maging kabilang sa mga kaugnay na serbisyo  
3 ang:

- 4
- 5 1. Patolohiya sa pananalita-wika at mga serbisyo sa awdyolohiya.
- 6 2. Mga serbisyo sa pagsasalin.
- 7 3. Mga serbisyong pansikolohiya.
- 8 4. Pisikal na terapiya at occupational therapy.
- 9 5. Libangan, kabilang ang libangang nagbibigay ng terapiya.
- 10 6. Mga serbisyong counseling, kabilang ang counseling para sa
- 11 rehabilitasyon.
- 12 7. Oryentasyon at mga serbisyo sa mobilidad.
- 13 8. Mga serbisyong pangkalusugan sa paaralan at mga serbisyo ng nars sa
- 14 paaralan.
- 15 9. Mga medikal na serbisyo para sa mga layunin lamang ng dyagnosis o
- 16 pagsusuri.
- 17 10. Mga serbisyong social work.
- 18 11. Counseling at pagsasanay sa magulang.

19 (20 U.S.C. seksyon 1402(26); 34 C.F.R. seksyon 300.34; Kodigo ng Edukasyon  
20 seksyon 56363.)

21

22 Ang **Espesyal na Edukasyon** ay nangangahulugang pagtuturong may espesyal na  
23 disenyo, nang walang bayad para sa mga magulang, upang matugunan ang mga  
24 katangi-tanging pangangailangan ng isang batang may kapansanan, kabilang ang  
25 pagtuturong isinasagawa sa klase, sa bahay, sa mga ospital at institusyon, at sa ibang  
26 kapaligiran, at pagtuturo sa pisikal na edukasyon.

27 (20 U.S.C. seksyon 1402(29); 34 C.F.R. seksyon 300.39; Kodigo ng Edukasyon  
28 seksyon 56031.)

## **KUMPIDENSYALIDAD AT ACCESS SA MGA REKORD NA PANG-EDUKASYON**

Ang lahat ng magulang ng batang naka-enrol sa distrito ng paaralan ay may karapatang siyasatin ang mga rekord na pang-edukasyon ng kanilang anak sa ilalim ng pederal na Family Educational Rights and Privacy Act (FERPA, Batas sa mga Karapatan at Pagkapribado ng Pamilya Hinggil sa Edukasyon), at ng Kodigo ng Edukasyon ng California. Sa ilalim ng mga pederal na batas at batas ng estado, ang mga magulang ng batang may mga kapansanan (kabilang ang mga magulang na walang kustodya na ang mga karapatan ay hindi naging limitado) ay ipinagpapalagay na at mayroong karapatang siyasatin at pag-aralan ang lahat ng rekord na pang-edukasyon tungkol sa kanilang anak maliban kung ipinaalam sa distrito ng paaralan na ang magulang ay walang awtoridad na gawin ito sa ilalim ng mga naaangkop na batas ng estado. Kabilang dito ang karapatang siyasatin at pag-aralan ang lahat ng rekord na pang-edukasyon pagdating sa pagtukoy, pagsusuri, pagtatalaga sa edukasyon at ang pagkakaloob ng FAPE, pati na rin ang pagtanggap ng paliwanag at interpretasyon sa mga rekord ng walang hindi kinakailangang pagkaantala, kabilang ang bago ang pagpupulong tungkol sa IEP ng inyong anak o bago ang sesyon sa resolusyon o pagdinig sa kaukulang proseso. Sa ilalim ng mga batas ng California, may karapatan ang mga magulang na pag-aralan at tumanggap ng mga kopya ng mga rekord na pang-edukasyon. May karapatan din kayong magkaroon ng kinatawang magsisiyasat at pag-aaralan ang mga rekord nang alinsunod sa FERPA. These rights transfer to a pupil upon their eighteenth (18<sup>th</sup>) birthday unless the pupil has had a conservator appointed by a court to assume the educational rights of the pupil.

Ang mga rekord na pang-edukasyon ay mga rekord na direktang nauugnay sa inyong anak at pinananatili ng distrito ng paaralan, o ng isang ahensya, o institusyong kumikilos sa ngalan ng distrito ng paaralan na kumokolekta, nagpapanatili, o gumagamit ng personal na matutukoy na impormasyon, o mula kung saan nakukuha ang impormasyon. Higit pang inilalarawan ng parehong mga pederal na batas at batas ng estado ang rekord na pang-edukasyon o rekord ng mag-aaral bilang anumang aytem ng impormasyong direktang nauugnay sa isang matutukoy na mag-aaral, bukod sa impormasyon sa direktoryo, na pinananatili ng distrito ng paaralan, ito man ay

1 inirekord sa pamamagitan ng pagsulat, pag-prinit, computer media, video o audio tape,  
2 film, microfilm, microfiche, o sa pamamagitan ng ibang mga paraan. Kung ang mga  
3 rekord ay naglalaman ng impormasyon tungkol sa mahigit sa isang bata, mayroon  
4 lamang kayong access sa bahaging iyon ng rekord na tungkol sa inyong anak. Dapat  
5 panatilihin ng distrito ng paaralan ang rekord ng mga panig na kumukuha ng access sa  
6 mga rekord na pang-edukasyon na kinokolekta, pinananatili, o ginagamit sa ilalim ng  
7 IDEA na bukod sa mga empleyado ng distrito ng paaralan nang alinsunod sa FERPA.

8  
9         Dapat protektahan ng distrito ng paaralan ang kumpidensyalidad ng personal na  
10 matutukoy na impormasyon sa mga yugto ng pagkolekta, pagtatabi, pagsisiwalat at  
11 pagsira. Ang lahat ng taong nangongolekta o gumagamit ng personal na matutukoy na  
12 impormasyon ay dapat tumanggap ng pagsasanay o tagubilin tungkol sa mga  
13 patakaran at pamamaraan ng estado sa ilalim ng IDEA at FERPA. Ang bawat distrito ng  
14 paaralan ay dapat magpanatili, para sa pagsisiyasat ng publiko, ng kasalukuyang  
15 listahan ng mga pangalan at posisyon ng mga empleyadong iyon na maaaring  
16 mayroong access sa personal na matutukoy na impormasyon.

17  
18         Dapat ipaalam sa inyo ng distrito ng paaralan kung kailan hindi na kailangan ang  
19 impormasyong kinolekta, pinanatili o ginamit sa ilalim ng IDEA upang magbigay ng mga  
20 serbisyong pang-edukasyon sa inyong anak. Sa pagtanggap ng abiso na ang mga  
21 rekord ay hindi na kailangan sa distrito ng paaralan, maaari ninyong hilinging sirain mga  
22 rekord, na isasagawa sa pamamagitan ng pisikal na pagsira o sa pamamagitan ng pag-  
23 alis sa mga personal na pantukoy mula sa mga rekord nang sa gayon ay hindi na  
24 personal na matutukoy ang impormasyon. Ngunit, obligado ang distrito ng paaralang  
25 magpanatili ng permanenteng rekord para sa bawat bata.

26  
27         Maaaring kabilang sa personal na matutukoy na impormasyon ang (1) pangalan  
28 ng bata, magulang ng bata o miyembro ng pamilya; (2) address ng bata; (3) personal  
29 na pantukoy gaya ng numero ng social security ng bata, numero ng estudyante, numero  
30 ng file sa hukuman, o biyometrikong record; (4) iba pang mga hindi direktang pantukoy  
31 gaya ng petsa ng kapanganakan, lugar ng kapanganakan ng bata at ang apelyido ng

1 ina bago nag-asawa; (5) listahan ng mga personal na katangian o iba pang  
2 impormasyon na gagawing possible ang pagtukoy sa bata nang may makatwirang  
3 katiyakan. Dapat makuha ang pahintulot ng magulang bago isiwalat ang personal na  
4 matutukoy na impormasyon sa mga panig na bukod sa mga empleyado ng distrito ng  
5 paaralan at nang alinsunod sa FERPA.

6  
7 Ang tagapag-ingat ng mga rekord sa bawat paaralan ay ang punong-guro ng  
8 paaralan. Ang tagapag-ingat ng mga rekord sa distrito ay si  
9 \_\_\_\_\_ . Ang mga rekord ng mag-aaral ay maaaring  
10 panatilihin sa paaralan o sa tanggapan ng distrito, ngunit ang nakasulat na kahilingan  
11 para sa mga rekord sa alinmang lugar ay ituturing na kahilingan para sa mga rekord na  
12 mula sa lahat ng lugar. Ang tagapag-ingat ng mga rekord ay magbibigay sa inyo ng  
13 listahan ng mga uri at lokasyon ng mga rekord ng mag-aaral (kung hihilingin). Maaaring  
14 gumawa ng kahilingan para sa kopya ng mga rekord ng espesyal na edukasyon ng  
15 inyong anak para sa Direktor ng Espesyal na Edukasyon ng Distrito.

16  
17 Ang pag-aaral at/o mga kopya ng mga rekord na pang-edukasyon ay ibibigay sa  
18 magulang sa loob ng limang (5) araw ng tanggapan pagkatapos humiling ang magulang  
19 nang pasalita o nakasulat. Isang singil para sa mga kopya, ngunit hindi ang gastos sa  
20 pananaliksik at pagkuha, ang pagpapasyahan nang ayon sa lokal na patakaran at  
21 isisingil maliban kung ang pagsingil ay epektibong pipigil sa magulang na gamitin ang  
22 karapatang tumanggap ng mga kopya. Sa oras na maibigay ang kumpletong kopya ng  
23 mga rekord, ipapataw ang singil para sa mga karagdagang kopya ng mga parehong  
24 rekord.

25  
26 Kung naniniwala kayo na ang impormasyon sa rekord na pang-edukasyon na  
27 kinokolekta, pinananatili o ginagamit ng distrito ng paaralan at hindi tumpak,  
28 mapanlinlang o lumalabag sa pagkapribado o ibang mga karapatan ng bata, maaari  
29 ninyong hilingin sa paraang nakasulat na baguhin ng distrito ng paaralan ang  
30 impormasyon. Kung sumasang-ayon ang distrito ng paaralan sa inyong kahilingan,  
31 babaguhin ang rekord at ipapaalam sa inyo sa loob ng makatwirang panahon



1 pagkatapos matanggap ang kahilingan. Kung tatanggihan ng distrito ng paaralan ang  
2 pagbabago sa impormasyon gaya ng hiniling, aabisuhan kayo ng distrito ng paaralan ng  
3 karapatan sa pagdinig upang mapagpasyahan kung ang hinahamong impormasyon ay  
4 hindi tumpak, mapanlinlang, o kung hindi ay lumalabag sa pagkapribado o iba pang  
5 mga karapatan ng inyong anak. Kung hihiling kayo ng pagdinig, ipagkakaloob ito ng  
6 distrito ng paaralan, sa loob ng makatwirang panahon, na dapat isagawa nang  
7 alinsunod sa mga pamamaraan para sa mga naturang pagdinig sa ilalim ng FERPA.

8  
9 Kung bilang resulta ng pagdinig ay nagpasya ang distrito ng paaralan na hindi  
10 babaguhin ang rekord, mayroon kayong karapatang magbigay ng pinaniniwalaan  
11 ninyong nagtatamang nakasulat na pahayag na permanenteng ilalakip na sinasalungat  
12 na rekord at ibibigay rin kung ang sinasalungat na rekord ay isinisiwalat sa sinumang  
13 panig. Ang karagdagang impormasyon tungkol sa inyong karapatang i-access at  
14 hamunin ang mga rekord na pang-edukasyon ay makukuha sa Annual Notice of Parent  
15 Student Rights and Responsibilities (Taunang Abiso sa mga Karapatan at  
16 Responsibilidad ng Magulang at Estudyante) ng Distrito. (20 U.S.C. seksyon 1232g; 34  
17 C.F.R. mga seksyon 99.1-99.67; 34 C.F.R. mga seksyon 300.610-300.625, 300.613;  
18 Kodigo ng Edukasyon mga seksyon 48980, 49060-49079; Kodigo ng Edukasyon mga  
19 seksyon 56041.5, 56043(n) at 56504; 5 CCR seksyon 432(b)(1).)

### 20 21 **PAUNANG NAKASULAT NA ABISO**

22 Inaatasan ng IDEA ang mga distrito ng paaralan na magbigay ng paunang  
23 nakasulat na abiso sa inyo bilang magulang ng batang may mga kapansanan kapag  
24 ang distrito ng paaralan ay nagmumungkahi o tumatangging simulan o baguhin ang  
25 pagtukoy, pagsusuri o pagtatalaga sa edukasyon ng inyong anak o pagkakaloob ng  
26 FAPE sa inyong anak o kung babawiin ninyo ang pahintulot sa paraang nakasulat para  
27 sa patuloy na pagkakaloob ng espesyal na edukasyon at mga kaugnay na serbisyo.  
28 Ibibigay ang abiso sa inyong katutubong wika o iba pang paraan ng komunikasyong  
29 ginagamit ninyo, maliban kung malinaw na hindi posibleng gawin ito, at dapat ibigay sa  
30 inyo sa loob ng makatwirang panahon.

1 Dapat isama sa paunang nakasulat na abiso ang:

- 2 1. Paglalarawan ng aksyong iminumungkahi o tinatanggihan ng distrito ng  
3 paaralan.
- 4 2. Paliwanag sa kung bakit nagmumungkahi o tumatangging umaksyon ang  
5 distrito ng paaralan.
- 6 3. Paglalarawan sa bawat pamamaraan ng pagsusuri, pagtatasa, rekord o  
7 ulat na ginamit ng distrito ng paaralan bilang batayan para sa  
8 iminumungkahi o tinatanggihang aksyon.
- 9 4. Paglalarawan sa iba pang mga opsyong isinaalang-alang ng pangkat ng  
10 IEP at mga dahilan kung bakit tinatanggihan ang mga opsyong iyon.
- 11 5. Paglalarawan sa iba pang mga salik na nauukol sa mungkahi o pagtangi  
12 ng distrito ng paaralan.
- 13 6. Pahayag na ang mga magulang ng batang may kapansanan ay may  
14 proteksyon sa ilalim ng mga pamamaraang pananggalang ng IDEA, at  
15 kung ang abisong ito ay hindi ang paunang referral para sa pagsusuri, ang  
16 paraan kung saan ang kopya ng paglalarawan sa mga pamamaraang  
17 pananggalang ay maaaring makuha.
- 18 7. Mga pagmumulan para kontakin ng mga magulang upang makakuha ng  
19 tulong sa pag-unawa ng mga probisyon ng bahaging ito.

20 (20 U.S.C. seksyon 1415(c); 34 C.F.R. mga seksyons 300.503 at 300.300(b)(4); Kodigo  
21 ng Edukasyon seksyon 56500.4.)

### 22 23 **MAY KABATIRANG PAHINTULOT NG MAGULANG**

24 Iniaatas ng IDEA na kumuha ang mga distrito ng paaralan ng may kabatirang  
25 pahintulot mula sa inyo bago ang pagsisimula ng paunang pagsusuri sa inyong anak  
26 upang mapagpasyahan kung siya ay kwalipikado bilang isang batang may mga  
27 kapansanan. Ang may kabatirang pahintulot ay nangangahulugang ganap na ipinaalam  
28 sa inyo sa inyong katutubong wika, o sa ibang paraan ng komunikasyon, ang lahat ng  
29 impormasyon tungkol sa aksyong bibigyan ninyo ng pahintulot at na sa paraang  
30 nakasulat ay nauunawaan at sumasang-ayon kayo sa pagsasagawa ng aktibidad na  
31 hinihingan ng pahintulot, gaya ng pagsusuri o desisyon sa pagtatalaga sa edukasyon

1 para sa inyong anak. Ang inyong pahintulot ay boluntaryo at maaaring iurong sa  
2 anumang oras. Kung iurong/babawiin ninyo ang pahintulot, ang pagbawi ay hindi  
3 retroaktibo, hindi nito ipapawalang-saysay ang aksyong isinagawa pagkatapos ibinigay  
4 ang pahintulot at bago binawi ang pahintulot.

5  
6 Ang inyong pahintulot para sa paunang pagsusuri ay hindi nangangahulugan o  
7 naggagawad ng pahintulot para sa pagtatalaga o pagtanggap ng espesyal na  
8 edukasyon o mga kaugnay na serbisyo. Hihilingin ng distrito ng paaralan ang inyong  
9 pahintulot para sa espesyal na edukasyon at mga kaugnay na serbisyo nang hiwalay at  
10 sa kalaunang petsa. Kukunin din ng distrito ng paaralan ang inyong may kabatirang  
11 pahintulot para sa mga muling pagsusuri sa inyong anak at hindi magsasagawa ng  
12 muling pagsusuri maliban kung gumawa ito ng mga makatwirang hakbang upang  
13 makuha ang inyong pahintulot at hindi kayo tumugon sa mga kahilingan para sa inyong  
14 pahintulot.

15  
16 Kung hindi kayo magbibigay ng pahintulot para sa paunang pagtatasa o hindi  
17 tumugon sa kahilingang magbigay ng pahintulot, maaaring ipagpatuloy ng distrito ng  
18 paaralan ang paunang pagtatasa sa pamamagitan ng paggamit ng mga paglilitis sa  
19 kaukulang proseso.

20  
21 Kung tatanggihan ninyo ang pahintulot sa pagsisimula ng espesyal na  
22 edukasyon at mga kaugnay na serbisyo, hindi dapat magkaloob ang distrito ng paaralan  
23 ng espesyal na edukasyon at mga kaugnay na serbisyo at hindi susubukang ipagkaloob  
24 ang mga serbisyo sa pamamagitan ng mga paglilitis sa kaukulang proseso.

25  
26 Kung sa anumang oras pagkatapos ng unang pagkakaloob ng espesyal na  
27 edukasyon at mga kaugnay na serbisyo ay binawi ninyo ang pahintulot sa paraang  
28 nakasulat para sa patuloy na pagkakaloob ng espesyal na edukasyon at mga kaugnay  
29 na serbisyo pagkatapos pahintulutan ang mga serbisyong iyon noong nakaraan, dapat  
30 kayong bigyan ng distrito ng paaralan ng paunang nakasulat na abiso bago ihinto ang  
31 pagkakaloob ng espesyal na edukasyon at mga kaugnay na serbisyo sa inyong anak at

1 hindi susubukang ipagkaloob ang mga serbisyo sa pamamagitan ng mga paglilitis sa  
2 kaukulang proseso. Kung magsusumite kayo ng nakasulat na pagbawi ng pahintulot  
3 pagkatapos ng unang pagkaloob ng espesyal na edukasyon at mga kaugnay na  
4 serbisyo sa inyong anak, hindi inaatasan ang distrito ng paaralang baguhin ang mga  
5 rekord na pang-edukasyon ng inyong anak upang alisin ang anumang tumutukoy sa  
6 pagtanggap ng inyong anak ng espesyal na edukasyon at mga serbisyo.

7  
8 Kung pinahihintulutan ninyo sa paraang nakasulat ang pagtanggap ng espesyal  
9 na edukasyon at mga kaugnay na serbisyo para sa inyong anak ngunit hindi  
10 pinahihintulutan ang lahat ng bahagi ng IEP, ang mga bahaging iyon ng programa na  
11 inyong pinahintulutan ang dapat ipatupad upang hindi maantala ang pagkaloob ng  
12 pagtuturo at mga serbisyo. Kung napagpasyahan ng distrito ng paaralan na ang  
13 iminumungkahing bahagi ng programa ng espesyal na edukasyon na hindi ninyo  
14 pinahihintulutan ay kailangan upang magkaloob ng libreng naaangkop na pampublikong  
15 edukasyon sa inyong anak, dapat maghain ang distrito ng paaralan ng kahilingan para  
16 sa pagdinig sa kaukulang proseso. Kung isinagawa ang pagdinig sa kaukulang  
17 proseso, ang desisyon sa pagdinig ay magiging pinal at dapat sundin, maliban kung  
18 inapela sa loob ng 90 araw mula sa petsa ng desisyon.

19  
20 Sa kaso ng mga muling pagsusuri, dapat idokumento ng distrito ng paaralan ang  
21 mga makatwirang hakbang upang makuha ang inyong pahintulot. Kung hindi kayo  
22 tutugon, maaaring ipagpatuloy ng distrito ng paaralan ang muling pagsusuri nang wala  
23 ang inyong pahintulot.

24 (20 U.S.C. mga seksyon 1414(a)(1)(D), 1414(c) at 1415; 34 C.F.R. mga seksyon 300.9  
25 at 300.300, 300.514 at 300.516; Kodigo ng Edukasyon mga seksyon 56021.1, 56321(c)  
26 at (d), 56346, 56381(f) at 56506(e).)

27  
28 Kapag hindi matukoy ang magulang at hindi mahanap ng distrito ng paaralan  
29 ang magulang upang makakuha ng pahintulot, dapat tiyakin ng distrito ng paaralan na  
30 may indibidwal na itinalaga upang kumilos bilang kahalili para sa mga magulang ng  
31 batang may kapansanan. Maaari ring humirang ng isang kahaliling magulang para sa

1 walang kasamang kabataan o batang walang tirahan na dumedepende o nasa  
2 pangangalaga at walang hinirang na kinatawang pang-edukasyon ang Hukuman.  
3 (20 U.S.C. seksyon 1415(b)(2); 34 C.F.R. seksyon 300.519; Kodigo ng Edukasyon  
4 seksyon 56050; Mga Patakaran ng CA sa mga Patakaran sa Hukuman 5.650.)  
5

### 6 **PROTEKSYON SA MGA PAMAMARAAN NG PAGSUSURI**

7 Ginagamit ng pederal na batas ang "pagsusuri" at ginagamit ng batas ng  
8 California ang "pagtatasa". Kaya't maaaring ipagpalitan ang mga salitang ito ng mga  
9 empleyado ng distrito ng paaralan at sa Abisong ito. Dapat kang bigyan ng distrito ng  
10 paaralan ng nakasulat na plano ng pagtatasa o paunang nakasulat na abiso sa loob ng  
11 labinlimang (15) araw pagkatapos matanggap ang referral para sa espesyal na  
12 edukasyon, kabilang ang inyong nakasulat na kahilingan para sa pagsusuri.  
13 Magkakaroon kayo ng pinakamababang labinlibang (15) araw upang pag-aralan ang  
14 plano ng pagtatasa at upang magbigay ng pahintulot sa distrito ng paaralan na  
15 magsagawa ng nakasulat na pagtatasa. Ang iminumungkahing plano ng pagtatasa ay  
16 ibibigay sa inyo sa inyong katutubong wika o iba pang paraan ng komunikasyong  
17 ginagamit, maliban kung malinaw na hindi posibleng gawin ito, at kabibilangan ng mga  
18 sumusunod: mga uri ng pagtatasang isasagawa, abiso na walang programang pang-  
19 edukasyon ang bubuuin mula sa pagtatasa nang wala ang inyong pahintulot,  
20 paglalarawan ng anumang mga isinagawang pagtatasa kamakailan, kabilang ang  
21 anumang mga makukuhang independiyenteng pagtatasa at anumang impormasyon sa  
22 pagtatasa na nais ninyong maisaalang-alang, at impormasyong nagsasaad ng  
23 pangunahing wika ng inyong anak at ang kahusayan ng inyong anak sa kanyang  
24 pangunahing wika. Maaari kayong humiling ng pagtatasa sa mga karagdagang aspeto  
25 ng pinaghihinalaang kapansanan. Pagkatapos nito, ang distrito ng paaralan ay  
26 mayroong animnapung (60) araw pagkatapos matanggap ang inyong nakasulat na  
27 pahintulot upang kumpletuhin ang pagtatasa at buuin ang IEP upang mapagpasyahan  
28 ang mga pangangailangang pang-edukasyon ng inyong anak. Ngunit pinalalawig ang  
29 pagsasapanahong ito ng mga panahong walang pasok o bakasyon, kung tumanggi  
30 kayong padaluhin ang inyong anak sa pagtatasa, o kung ang inyong anak ay lumipat sa  
31

1 ibang paaralan at kayo at ang tumatanggap na distrito ng paaralan ay nagkasundo sa  
2 espesipikong panahon kung kailan kukumpletuhin ang pagtatasa.

3  
4 Isinasaad sa IDEA na sa pagsasagawa ng pagsusuri, ang distrito ng paaralan  
5 ay:

- 6  
7 1. Gagamit ng iba't ibang kasangkapan at istratehiya sa pagtatasa upang  
8 makalikom ng nauukol na impormasyon sa pagganap, paglaki at pag-aaral,  
9 kabilang ang impormasyong ipinagkaloob ng magulang, na maaaring  
10 makatulong sa pagpapasya kung ang bata ay isang batang may  
11 kapansanan at ang nilalaman ng IEP, kabilang ang impormasyong  
12 nauugnay sa pagpapahintulot sa batang makibahagi sa at ang pag-unlad  
13 sa pangkalahatang kurikulum, o para sa mga bata sa preschool, na sumali  
14 sa mga naaangkop na aktibidad;
- 15 2. Hindi gagamit ng anumang iisang pamamaraan bilang natatanging  
16 pamantayan sa pagpapasya kung ang bata ay isang batang may  
17 kapansanan o sa pagpapasya sa naaangkop na programang pang-  
18 edukasyon para sa bata; at
- 19 3. Gagamit ng mga teknikal na makatwirang instrumento na maaaring tasahin  
20 ang naaangkop na kontribusyon  
21 ng mga salik sa pag-iisip at pag-uugali, bukod sa mga salik sa  
22 pangangatawan o paglaki.

23  
24 Titiyakin din ng distrito ng paaralan na ang mga pagsusulit at iba pang mga  
25 kagamitan sa pagsusuri na gagamitin upang tasahin ang inyong anak ay pinipili at  
26 pinangangasiwaan nang hindi nagdidiskrimina sa lahi, kultura o kasarian at ibinibigay at  
27 pinangangasiwaan sa katutubong wika ng bata o iba pang paraan ng komunikasyon,  
28 maliban kung malinaw na hindi posibleng gawin ito. Ang anumang mga naaayon sa  
29 pamantayang pagsusulit na ibinibigay sa inyong anak ay napatunayan para sa  
30 partikular na layunin ng paggamit sa mga ito, pinangangasiwaan ng mga tauhang may  
31 kasanayan at kaalaman, at pinangangasiwaan nang alinsunod sa anumang mga

1 tagubiling ibinibigay ng lumikha ng mga naturang pagsusulit. Tatasahin ang inyong  
2 anak sa lahat ng aspeto ng pinaghihinalaang kapansanan at gagamit ang distrito ng  
3 paaralan ng mga kasangkapan at istratohiyang nagbibigay ng kaukulang impormasyong  
4 direktang tutulong sa distrito ng paaralan sa pagpapasya sa mga pangangailangan sa  
5 edukasyon ng inyong anak. Sa pagkumpleto ng pangangasiwa sa mga kagamitan sa  
6 pagsusuri, ang pagpapasya kung ang bata ay isang batang may kapansanan ay  
7 gagawin ninyo at ng mga kuwalipikadong propesyonal na bumubuo sa pangkat ng IEP.  
8 Isang kopya ng ulat ng pagsusuri at dokumentasyon ng pagpapasya sa pagiging  
9 karapat-dapat ang ibibigay sa inyo.

10  
11 Sa pagpapasya sa pagiging karapat-dapat, ang inyong anak ay hindi  
12 pagpapasyahan bilang isang batang may kapansanan dahil sa kakulangan sa pagtuturo  
13 sa pagbabasa o sa matematika o bilang resulta ng limitadong kahusayan sa Ingles.

14  
15 Bilang bahagi ng unang pagsusuri (kung naaangkop) at bilang bahagi ng  
16 anumang muling pagsusuri sa ilalim ng seksyong ito, ang Pangkat ng IEP at iba pang  
17 mga kwalipikadong propesyonal, kung naaangkop, ay:

- 18  
19 1. Pag-aaralan ang kasalukuyang datos ng pagsusuri sa bata, kabilang ang  
20 mga pagsusuri at impormasyong inyong ipinagkaloob, mga kasalukuyang  
21 pagtatasa at obserbasyong nakabase sa klase, at obserbasyon ng guro;  
22 at
- 23 2. Batay sa pag-aaral na iyon, at impormasyon ninyo, tutukuyin kung anong  
24 karagdagang datos, kung mayroon ang kailangan upang mapagpasyahan:
  - 25 a. Kung ang bata ay may partikular na kapansanan, o, sa kaso ng  
26 muling pagsusuri sa bata, kung ang bata ay patuloy na mayroong  
27 naturang kapansanan at mga naturang pangangailangang pang-  
28 edukasyon;
  - 29 b. Ang mga kasalukuyang antas ng pagganap at mga kaugnay na  
30 pangangailangan sa paglaki ng bata;

- 1 c. Kung ang bata ay nangangailangan ng espesyal na edukasyon at  
2 mga kaugnay na serbisyo, o sa kaso ng muling pagsusuri sa bata,  
3 kung ang bata ay patuloy na nangangailangan ng espesyal na  
4 edukasyon at mga kaugnay na serbisyo; at
- 5 d. Kung kailangan ang anumang mga pagdaragdag o pagbabago  
6 sa espesyal na edukasyon at mga kaugnay na serbisyo upang  
7 mapahintulutan ang batang matugunan ang masusukat na  
8 taunang mithiing itinakda sa IEP ng bata at upang makibahagi,  
9 kung naaangkop, sa pangkalahatang kurikulum.

10  
11 Karaniwan, ang muling pagsusuri ay iniaatas kada tatlong (3) taon. Ngunit, kung  
12 napagpasyahan ng Pangkat ng IEP na walang karagdagang datos ang kailangan upang  
13 pagpasyahan kung ang inyong anak ay patuloy na nagiging isang batang may  
14 kapansanan at upang pagpasyahan ang mga pangangailangang pang-edukasyon ng  
15 bata, aabisuhan kayo ng distrito ng paaralan ng tungkol sa mga dahilang  
16 pinaniniwalaan ng distrito ng paaralan na hindi na kailangan ang muling pagsusuri.  
17 Pagkatapos matanggap ang abisong ito, maaari kayong humiling ng muling pagsusuri  
18 sa inyong anak. Kung ang distrito ng paaralan ay hindi nakatanggap mula sa inyo ng  
19 kahilingan ng muling pagsusuri, hindi magsasagawa ang distrito ng paaralan ng muling  
20 pagsusuri sa inyong anak.

21  
22 Bago pagpasyahan na ang inyong anak ay hindi na isang batang may  
23 kapansanan, dapat magsagawa ang distrito ng paaralan ng pagtatasa nang alinsunod  
24 sa mga pamamaraang tinalakay sa itaas.

25 (20 U.S.C. mga seksyon 1414, 1415; 34 C.F.R. mga seksyon 300.301 – 300.306;  
26 Kodigo ng Edukasyon mga seksyon 56320, 56321, 56329, at 56381; 5 CCR seksyon  
27 3022.)

### 28 **INDEPENDIYENTENG PAGSUSURING PANG-EDUKASYON**

29 Pagkatapos makumpleto ng distrito ng paaralan ang pagtatasa nito, kung hindi  
30 kayo sumasang-ayon sa pagsusuri ng distrito ng paaralan sa inyong anak at inabisuhan  
31



1 ang distrito ng paaralan ng tungkol sa hindi ninyo pagsang-ayon, may karapatan  
2 kayong humiling ng independiyenteng pagsusuring pang-edukasyon na magiging  
3 sagutin ng distrito ng paaralan. Pagkatapos ninyong humiling ng independiyenteng  
4 pagsusuring pang-edukasyon, bibigyan kayo ng distrito ng paaralan ng impormasyon  
5 tungkol sa kung kailan makakakuha ng independiyenteng pagsusuring pang-edukasyon  
6 at sa mga pamantayan ng distrito na naaangkop para sa mga independiyenteng  
7 pagsusuring pang-edukasyon. Nararapat ang magulang sa iisa (1) lamang na  
8 independiyenteng pagsusuring pang-edukasyon na sagutin ng pamahalaan sa bawat  
9 pagkakataong nagsasagawa ang distrito ng pagsusuring hindi sinasang-ayunan ng  
10 magulang. Ngunit, kung hindi sumasang-ayon ang distrito ng paaralan sa  
11 independiyenteng pagsusuring pang-edukasyon, dapat humiling ang distrito ng  
12 paaralan ng pagdinig sa harap ng opisyal ng pagdinig sa kaukulang proseso upang  
13 salungatin ang inyong kahilingan para sa independiyenteng pagsusuring pang-  
14 edukasyon at upang ipakitang naaangkop ang pagtatasa ng distrito ng paaralan. Kung  
15 nanaig ang distrito ng paaralan, mayroon pa rin kayong karapatan sa isang  
16 independiyenteng pagsusuri ngunit hindi na ito magiging sagutin ng pamahalaan. Kung  
17 pipiliin ninyong kumuha ng independiyenteng pagsusuring pang-edukasyon na  
18 magiging sagutin ninyo, dapat isaalang-alang ng distrito ang mga resulta ng pagtatasa.  
19 Ang independiyenteng pagsusuring pang-edukasyon ay dapat sumunod sa lahat ng  
20 iniaatas na naaangkop sa mga pagsusuri ng distrito ng paaralan.

21  
22 Kung inoobserbahan ng distrito ng paaralan ang inyong anak sa kanyang klase  
23 sa panahon ng pagtatasa, o kung ang mga pamamaraan ng distrito ng paaralan ay  
24 nagkakaloob para sa mga obserbasyon sa klase, dapat ding maipagkaloob ang  
25 katumbas na oportunidad para sa anumang independiyenteng pagsusuring pang-  
26 edukasyon sa kasalukuyan o anumang iminumungkahing pagtatalaga sa edukasyon.

27  
28 Kung unilateral kayong nagpasyang ilagay ang inyong anak sa isang hindi  
29 pampublikong paaralan at iminungkahi ninyong mapinansyahan ng pamahalaan ang  
30 pagtatalaga sa hindi pampublikong paaralan, dapat mabigyan ng oportunidad ang  
31

1 distrito ng paaralan na obserbahan muna ang iminumungkahing pagtatalaga at ang  
2 inyong anak sa iminumungkahing pagtatalaga.  
3 (20 U.S.C. seksyon 1415(b)(1); 34 C.F.R. seksyon 300.502; Kodigo ng Edukasyon  
4 seksyon 56329.)  
5

### 6 **MGA PAGPUPULONG PARA SA IEP**

7 Bilang magulang ng estudyante sa espesyal na edukasyon, mayroon kayong  
8 karapatang maging bahagi ng Pangkat ng IEP at lumahok sa anumang pagpupulong  
9 tungkol sa pagtukoy, pagtatasa at pagtatalaga sa edukasyon ng inyong anak. Ang  
10 katagang IEP o Individualized Education Program (Programa ng Nakapang-indibidwal  
11 na Edukasyon) ay nangangahulugang isang nakasulat na dokumento para sa bawat  
12 batang may kapansanan na binubuo, pinag-aaralan at binabago nang alinsunod sa  
13 pederal na batas at batas ng estado. Kabilang sa IEP ang mga kasalukuyang antas ng  
14 natamasa sa pag-aaral at punsyonal na pagganap ng bata at dapat isaalang-alang ang  
15 inyong mga pag-aalala bilang isang magulang para mapabuti ang edukasyon ng inyong  
16 anak. Bilang isang magulang, mayroon kayong karapatang maging miyembro ng  
17 anumang grupong nagpapasya kaugnay ng pagtatalaga sa edukasyon ng inyong anak.  
18 Mayroon din kayong karapatang magdala ng mga indibidwal na may kaalaman at  
19 espesyal na kadalubhasaan tungkol sa inyong anak sa pagpupulong ng IEP. Bibigyan  
20 kayo ng distrito ng paaralan ng kopya ng IEP sa inyong pangunahing wika kung  
21 hihilingin. Kung kayo ay magulang ng isang batang nasa edad na tatlo hanggang  
22 limang taong gulang, ang the individualized family service plan (IFSP, nakapang-  
23 indibidwal na plano ng serbisyo sa pamilya) ay maaaring magsilbi bilang IEP kung  
24 sasang-ayunan ng magulang at ng distrito ng paaralan.  
25

26 Iniaatas ng pederal na batas at ng batas ng estado na maging kabilang sa unang  
27 IEP, na magkakabisa simula sa edad na labing-anim na taon, ang pahayag sa mga  
28 pangangailangan sa serbisyong pantransisyon ng bata at na i-update ang IEP taun-taon  
29 pagkatapos. Simula sa edad na labing-anim na taon o mas bata pa, kung  
30 napagpasyahang naaangkop ng Pangkat ng IEP, iniaatas ang naaangkop na  
31 masusukat na mithiin pagkatapos ng edukasyong pansekundarya na nauugnay sa

1 pagsasanay, edukasyon, trabaho, at kung saan naaangkop, mga kasanayan sa  
2 malayang pamumuhay, isang pahayag sa mga kinakailangang serbisyo sa transisyon  
3 para sa bata, kabilang ang, kapag naaangkop, ang pahayag sa mga responsibilidad sa  
4 pagitan ng mga ahensya o mga kaugnayan sa pagitan ng mga ahensya. Simula sa  
5 hindi bababa sa isang taon bago maglabing-walong (18) taong gulang ang bata, isang  
6 pahayag ang dapat isama sa IEP na ipinaalam sa bata ang kanyang mga karapatang  
7 ililipat sa kanya kapag tumuntong na sa hustong gulang. Sa ilalim ng batas ng  
8 California, kapag ang isang bata ay tumuntong ng labing-walong (18) taong gulang, siya  
9 ay itinuturing na nasa hustong gulang at maliban kung ang magulang ay nakakuha ng  
10 conservatorship o pagiging tagapag-alaga ng bata sa pamamagitan ng mga paglilitis sa  
11 hukuman, maaaring gumawa ng mga desisyon ang bata tungkol sa kanyang  
12 edukasyon.

13  
14 Sa pagbuo ng IEP para sa inyong anak, dapat isama ng Pangkat ng IEP ang  
15 mga istrategiya at suporta ng positibong interbensyon sa pag-uugali sa mga kaso kung  
16 saan ang pag-uugali ng bata ay pumipigil sa kanyang matuto at isaalang-alang, kapag  
17 naaangkop, ang mga istrategiya, kabilang ang mga istrategiya at suporta ng positibong  
18 interbensyon sa pag-uugali upang tugunan ang kanyang pag-uugali. Ang karaniwang  
19 gurong nagtuturo sa inyong anak, bilang miyembro ng Pangkat ng IEP, ay dapat, sa  
20 abot ng naaangkop, makibahagi sa pagbuo ng IEP ng inyong anak, kabilang ang  
21 pagpapasya sa mga naaangkop na istrategiya ng positibong interbensyon sa pag-uugali  
22 at ang pagpapasya sa mga karagdagang serbisyo ng ahensya, mga pagbabago sa  
23 programa at suporta para sa mga tauhan ng paaralan.

24  
25 Pag-aaralan ng Pangkat ng IEP ang IEP nang hindi bababa sa taun-taon upang  
26 mapagpasyahan kung ang mga taunang mithiin para sa inyong anak ay natatamasa at  
27 babaguhin ang IEP kung naaangkop upang: (1) tugunan ang anumang kakulangan sa  
28 inaasahang pag-unlad tungo sa mga taunang mithiin at sa pangkalahatang kurikulum,  
29 kung saan naaangkop, (2) tugunan ang mga resulta ng anumang isinasagawang muling  
30 pagsusuri, (3) tugunan ang impormasyon tungkol sa inyong anak na inyong ibinibigay,  
31 at 4) tugunan ang mga inaasahang pangangailangan ng inyong anak kung kailangan.

1 Tatanggap din ang inyong anak ng mga report kard sa parehong paraan gaya ng mga  
2 karaniwang estudyanteng nag-aaral. Maaaring pagkasunduan ninyo at ng distrito ng  
3 paaralan sa paraang nakasulat na hindi na kailangan ang pagdalo ng isang miyembro  
4 ng Pangkat ng IEP dahil hindi babaguhin o tatalakayin ang asignatura sa kurikulum ng  
5 miyembro at kaugnay na serbisyo sa pagpupulong. Bukod dito, napagkakasunduan  
6 ninyo at ng distrito ng paaralan sa paraang nakasulat na huwag padaluhin ang isang  
7 miyembro ng pangkat ng IEP sa pagpupulong ng Pangkat ng IEP, sa kabuuan o bahagi  
8 nito, kapag ang pagpupulong ay kinapapalooban ng pagbabago sa o pagtalakay sa  
9 asignatura ng miyembro o ng kurikulum o kaugnay na serbisyo, dapat magsumite sa  
10 inyo at sa Pangkat ng IEP ang miyembro sa paraang nakasulat, ng impormasyon para  
11 sa pagbuo ng IEP bago ang pagpupulong. Sa ilalim ng batas ng estado, mayroon  
12 kayong karapatang irekord sa elektronikong paraan ang mga pagpupulong ng IEP sa  
13 pamamagitan ng audio tape kung magbibigay kayo ng 24 na oras na abiso sa ibang  
14 mga miyembro ng Pangkat ng IEP. Pagkatapos ng taunang pagpupulong para sa IEP  
15 para sa taon ng pag-aaral, maaaring pagkasunduan ninyo at ng distrito ng paaralan sa  
16 paraang nakasulat na huwag magpulong para sa IEP upang gumawa ng mga  
17 pagbabago sa taunang IEP, at sa halip ay bumuo ng nakasulat na dokumento upang  
18 amyendahan o baguhin ang kasalukuyang IEP.

19 (20 U.S.C. seksyon 1414(d); 34 C.F.R. seksyons 300.320-300.324; Kodigo ng  
20 Edukasyon mga seksyon 56032, 56304, 56341, 56341.1, 56341.5, 56342.5 at 56345; 5  
21 CCR seksyon 3040.)

### 22 23 **PAGTATALAGA ("PAMAMALAGI") SA PANAHOON NG PAGKABINBIN NG** 24 **MGA PAGLILITIS SA KAUKULANG PROSESO**

25 Bilang magulang ng batang may mga kapansanan, kung masasangkot kayo sa  
26 hindi pakikipagkasundo sa distrito ng paaralan tungkol sa pagtukoy, pagsusuri o  
27 pagtatalaga ng inyong anak at naghain kayo ng kahilingan para sa pagdinig sa  
28 kaukulang proseso, ang inyong anak ay mananatiling ("pamamalagi") nasa  
29 kasalukuyang pagkakatalaga sa edukasyon sa panahong nakabinbin ang mga paglilitis.  
30 Maliban kung kayo at ang distrito ng paaralan ay nagkasundong baguhin ang  
31 pagtatalaga, o nakakuha ang distrito ng paaralan ng utos mula sa hukuman o utos mula

1 sa opisyal ng pagdinig, ang inyong anak ay mananatiling nasa kanyang kasalukuyang  
2 pagkakatalaga sa edukasyon sa panahong nakabingin ang mga paglilitis. Para sa  
3 unang pagkakatanggap sa paaralan, ilalagay ang inyong anak sa isang programa ng  
4 pampublikong paaralan, nang may pahintulot ng magulang, hanggang sa makumpleto  
5 ang mga paglilitis. Mayroong mga eksepsyon sa pangkalahatang patakarang ito na  
6 nagpapahintulot sa distrito ng paaralang ilagay ang inyong anak sa isang alternatibong  
7 kapaligirang pang-edukasyon para sa limitadong panahon. Tatalakayin ang mga  
8 eksepsyong ito sa susunod na seksyon sa pansamantalang alternatibong kapaligirang  
9 pang-edukasyon.

10 (20 U.S.C. seksyon 1415(j); 34 C.F.R. seksyon 300.518; Kodigo ng Edukasyon seksyon  
11 56505(d).)

## 12 **MGA PANSAMANTALANG ALTERNATIBONG KAPALIGIRANG**

### 13 **PANG-EDUKASYON**

#### 14 **MGA PAMAMARAAN SA PAGDIDIPLINA**

15 Maaaring baguhin ng mga tauhan ng paaralan ang pagtatalaga sa inyong anak  
16 kung nilabag niya ang kodigo ng mga gawi ng estudyante sa (1) naaangkop na  
17 pansamantalang alternatibong kapaligirang pang-edukasyon; (2) iba pang kapaligirang  
18 pang-edukasyon, o (3) upang suspindihin ang inyong anak ng hindi hihigit sa sampung  
19 (10) magkakasunud-sunod na araw ng pasukan (sa abot na ang mga naturang  
20 alternatibo ay iaangkop sa mga batang walang mga kapansanan) at para sa mga  
21 karagdagang pagkakaalis ng hindi hihigit sa sampung (10) magkakasunud-sunod na  
22 araw ng pasukan sa parehong taon ng pag-aaral para sa mga hiwalay na insidente ng  
23 maling gawi. Kung sinusubukan ng mga tauhan ng paaralan ang pagbabago sa  
24 pagtatalaga na lalampas sa mahigit sa sampung (10) araw ng pasukan sa parehong  
25 taon ng pag-aaral, dapat alamin ng mga tauhan ng paaralan kung ang pag-uugaling  
26 naging sanhi ng paglabag sa kodigo ng mga gawi ng estudyante ay pagpapahiwatig ng  
27 kapansanan ng inyong anak. Kung nalaman na ang pag-uugali ay hindi isang  
28 pagpapahiwatig ng kapansanan ng inyong anak, maaaring disiplinahin ng mga tauhan  
29 ng paaralan ang inyong anak sa ilalim ng mga pamamaraang naaangkop sa mga  
30 batang walang kapansanan.  
31

1  
2 Upang malaman kung ang pag-uugaling naging sanhi ng paglabag sa kodigo ng  
3 mga gawi ng estudyante ay isang pagpapahiwatig ng kapansanan ng inyong anak, ang  
4 distrito ng paaralan, kayo at ang mga kaukukang miyembro ng Pangkat ng IEP ay dapat  
5 pag-aralan ang lahat ng kaukulang impormasyon sa file ng inyong anak, kabilang ang  
6 IEP, anumang mga obserbasyon ng guro, at anumang kaukulang impormasyong  
7 ipinagkaloob ninyo upang mapagpasyahan kung ang nasabing gawi ay dulot ng, o  
8 nagkaroon ng direkta o malaking kaugnayan sa kapansanan ng inyong anak. Dapat  
9 idaos ang pagpupulong na ito sa loob ng sampung (10) araw ng pasukan mula sa  
10 anumang desisyong gumawa ng pandisiplinang aksyon. Kung napag-alaman ng  
11 Pangkat ng IEP na ang gawi ay isang pagpapahiwatig ng kapansanan ng inyong anak,  
12 ang Pangkat ng IEP ay dapat magsagawa ng pagtatasa sa punsyonal na pag-uugali, at  
13 magpatupad ng plano ng interbensyon sa pag-uugali para sa inyong anak, o pag-aralan  
14 at baguhin kung kailangan ang umiiral na plano ng interbensyon sa pag-uugali.

15  
16 Maaari ring ilagay ng mga tauhan ng paaralan ang inyong anak sa isang  
17 pansamantalang alternatibong kapaligirang pang-edukasyon ng hanggang apatnapu't  
18 limang (45) araw ng pasukan nang hindi tinitingnan kung ang pag-uugali ay  
19 napagpasyahan bilang pagpapahiwatig ng kapansanan ng inyong anak, sa mga kaso  
20 kung saan: (1) ang inyong anak ay may dala o nagmamay-ari ng sandata sa paaralan,  
21 sa mga pasilidad ng paaralan, o sa kaganapan o aktibidad sa paaralan; (2) sinadyang  
22 magkaroon o gumamit ang inyong anak ng mga ilegal na droga, o nagbebenta o  
23 naghahanap ng mapagbebeentahan ng mga kontroladong substansya habang nasa  
24 paaralan, mga pasilidad ng paaralan, o kaganapan o aktibidad sa paaralan; o (3) ang  
25 inyong anak ay nagdulot ng pinsala sa katawan ng ibang tao habang nasa paaralan, o  
26 sa mga pasilidad ng paaralan, o sa kaganapan o aktibidad sa paaralan.  
27 Pagpapasyahan ng pangkat ng IEP ang pansamantalang alternatibong kapaligirang  
28 pang-edukasyon para sa mga serbisyo.

29  
30 Pagkatapos maialis ang batang may kapansanan mula sa kasalukuyan niyang  
31 pagkakatalaga ng sampung (10) araw ng pasukan, sa parehong taon ng pag-aaral, sa

1 panahon ng anumang mga susunod na araw ng pagkakaalis, dapat magkaloob ang  
2 distrito ng paaralan ng mga serbisyo upang mapahintulutan ang batang patuloy na  
3 makibahagi sa kurikulum ng pangkalahatang edukasyon, bagaman sa ibang  
4 kapaligiran, at upang umunlad tungo sa pagtugon sa mga mithiin ng IEP. Kung  
5 naaangkop, ang bata ay maaaring tumanggap ng pagtatasa sa punsyonal na pag-  
6 uugali at mga serbisyo ng interbensyon sa pag-uugali at mga pagbabagong idinisensyo  
7 upang tugunan ang paglabag sa pag-uugali nang sa gayon ay hindi ito muling  
8 mangyari.

9  
10 Hindi lalampas sa petsa kung kailan nagpasyang gumawa ng pandisiplinang  
11 aksyon laban sa inyong anak, dapat kayong abisuhan ng distrito ng paaralan ng tungkol  
12 sa desisyong iyon at abisuhan kayo ng tungkol sa inyong mga pamamaraang  
13 pananggalang. Kung hindi kayo sumasang-ayon sa anumang desisyon tungkol sa  
14 pagtatalaga, o sa pagpapasya sa pagpapahiwatig ng kapansanan ng inyong anak,  
15 maaari kayong humiling ng isang pinabilis na pagdinig sa kaukulang proseso na dapat  
16 isagawa sa loob ng dalawampung (20) araw ng pasukan ng petsa ng kahilingan sa  
17 pagdinig. Sa panahong nakabinbin ang pagdinig sa kaukulang proseso, ang inyong  
18 anak ay mananatiling nasa pansamantalang alternatibong kapaligirang pang-edukasyon  
19 sa nakabinbing desisyon ng opisyal ng pagdinig o ng apatnapu't limang (45) araw ng  
20 pasukan, alinman ang mauuna, maliban kung iba ang napagkasunduan ninyo ng distrito  
21 ng paaralan. Kung naniniwala ang distrito ng paaralan na mapanganib para sa inyong  
22 anak at sa iba na bumalik ang inyong anak sa kasalukuyang pinagtatalagaan para sa  
23 edukasyon, maaaring humiling ang distrito ng paaralan ng pinabilis na pagdinig.

24  
25 Maaaring iutos ng opisyal ng pagdinig na baguhin ang pagtatalaga sa inyong  
26 anak sa isang naaangkop na pansamantalang alternatibong kapaligirang pang-  
27 edukasyon para sa hihigit sa apatnapu't limang (45) araw, kung napagpasyahan ng  
28 opisyal ng pagdinig na ang pagpapanatili sa inyong anak sa kasalukuyan niyang  
29 pagkakatalaga ay malamang na malamang na magresulta sa pinsala sa inyong anak at  
30 sa iba.

1 (20 U.S.C. seksyon 1415(k); 34 C.F.R seksyon 300.530; Kodigo ng Edukasyon  
2 seksyon 48915.5.)

3  
4 **MGA BATANG MAY MGA KAPANSANAN NA**

5 **INI-ENROL NG KANILANG MGA MAGULANG SA MGA PRIBADONG PAARALAN**

6 Limitado ang obligasyon ng distrito ng paaralan sa mga batang may mga  
7 kapansanan na naka-enrol sa mga pribadong paaralan. Sa ilalim ng IDEA, "*walang*  
8 *batang may kapansanan na inilagay ng magulang sa pribadong paaralan ang may*  
9 *indibidwal na karapatang tumanggap ng ilan o lahat ng espesyal na edukasyon at mga*  
10 *kaugnay na serbisyong matatanggap ng bata kung naka-enrol sa isang pampublikong*  
11 *paaralan.*" Dapat hanapin, tukuyin at tasahin ng mga distrito ng paaralan ang lahat ng  
12 batang may mga kapansanan sa pribadong paaralan, kabilang ang mga batang  
13 pumapasok sa paaralang kaakibat ng relihiyon, na may mga kapansanan at  
14 nangangailangan ng espesyal na edukasyon at mga kaugnay na serbisyo, na tinatawag  
15 na "child find" ("paghahanap ng bata"). Ang distrito ng paaralan kung saan  
16 matatagpuan ang pribadong paaralan na tinatawag ding "Distrito ng Lokasyon" ay  
17 responsable sa pagsasagawa ng mga aktibidad na child find para sa mga batang ini-  
18 enrol ng kanilang mga magulang sa mga pribadong paaralan. Kung ang Distrito ng  
19 Lokasyon ay hindi ang parehong distrito ng paaralan kung saan naninirahan ang mga  
20 magulang ng estudyante sa pribadong paaralan, maaaring makipag-ugnay kung gayon  
21 ang Distrito ng Lokasyon sa distrito ng paaralan ng tirahan upang tasahin ang bata.

22  
23 Ang mga batang may mga kapansanan na naka-enrol sa pribadong paaralan ay  
24 maaaring tumanggap ng mga kapantay na serbisyo sa espesyal na edukasyon gaya ng  
25 napagpasyahan sa pamamagitan ng pakikipagsangguni sa mga pribadong paaralan at  
26 mga magulang. Upang tumanggap ng mga naturang kapantay na serbisyo, isang  
27 "Plano ng Serbisyo" ang dapat buuin para sa estudyante sa pribadong paaralan at  
28 pahintulutan ng mga magulang. Ang distrito ng paaralan kung saan matatagpuan ang  
29 pribadong paaralan, ang Distrito ng Lokasyon ay responsable sa pagbubuo at  
30 pagpapatupad ng Plano ng Serbisyo.



1 Ang magulang ng batang ini-enrol ng magulang na iyon sa isang pribadong  
2 paaralan ay may karapatan lamang maghain ng reklamo sa kaukulang proseso tungkol  
3 sa mga aktibidad na child find ng distrito ng paaralan. Ang reklamo sa kaukulang  
4 proseso ay dapat ihain sa distrito ng paaralan kung saan matatagpuan ang pribadong  
5 paaralan, sa Distrito ng Lokasyon, at sa California Department of Education (CDE,  
6 Kagawaran ng Edukasyon ng California). Ngunit, dahil walang indibidwal na karapatan  
7 sa mga serbisyo para sa mga batang ini-enrol ng kanilang mga magulang sa pribadong  
8 paaralan. Ang anumang mga reklamo tungkol sa Plano ng Serbisyo ay maaari lamang  
9 ihain nang alinsunod sa mga pamamaraan ng reklamo sa pagsunod ng CDE.  
10 (20 U.S.C. seksyon 1412(a)(10)(A); 34 C.F.R. seksyon 300.130–300.144; Kodigo ng  
11 Edukasyon mga seksyon 56170–56177.)  
12

### 13 **UNILATERAL NA PAGLALAGAY NG MAGULANG SA PRIBADONG PAARALAN**

14 Kung nagpasya kayong unilateral na i-enrol ang inyong anak sa isang pribadong  
15 paaralan pagkatapos gawing makukuha ng distrito ng paaralan ang libreng naaangkop  
16 na pampublikong edukasyon para sa inyong anak, hindi inatasan ang distrito ng  
17 paaralan na bayaran ang gastos sa edukasyon ng inyong anak. Upang mabawi ang  
18 gastos sa pribadong paaralan mula sa distrito ng paaralan, kabilang ang espesyal na  
19 edukasyon at mga kaugnay na serbisyo, dapat muna ninyong subukang kunin ang  
20 pahintulot ng distrito ng paaralan, at patunayang walang naaangkop na programa ang  
21 distrito ng paaralan para sa inyong anak. Maaaring tanggihan o bawasan ang pagbawi  
22 sa gastos kung: 1) sa pinakakamakailang pagpupulong ng IEP na dinaluhan ninyo bago  
23 ang pag-alis sa inyong anak sa pampublikong paaralan, hindi ninyo ipinaalam sa  
24 Pangkat ng IEP na tinatanggihan ninyo ang pagtatalagang iminumungkahi ng distrito na  
25 magkaloob ng libreng naaangkop na pampublikong edukasyon sa inyong anak,  
26 kabilang ang pahayag sa inyong mga pag-aalala at layuning i-enrol ang inyong anak sa  
27 isang pribadong paaralan na magiging saguting pamahalaan; o 2) hindi bababa sa 10  
28 araw ng tanggapan bago ang pag-alis sa inyong anak sa pampublikong paaralan, hindi  
29 kayo nagbigay ng nakasulat na abiso sa distrito ng paaralan ng tungkol sa inyong mga  
30 pag-aalala tungkol sa iminumungkahing pagtatalaga ng distrito ng paaralan at sa inyong  
31

1 layuning i-enroll ang inyong anak sa pribadong paaralan na magiging sagutin ng  
2 pamahalaan.

3 Kung aabisuhan kayo ng distrito ng paaralan bago ang pag-alis sa inyong anak  
4 sa pampublikong paaralan na ninanais ng distritong suriin ang inyong anak at  
5 ipahuhiwatig nito ang layunin ng pagsusuri, dapat ninyong padaluhin ang inyong anak  
6 sa pagsusuri. Kung hindi kayo sumunod sa mga iniaatas na ito, maaari kayong  
7 matagpuan ng hukuman o ng opisyal ng pagdinig na kumilos sa hindi makatwirang  
8 paraan sa unilateral na pag-aalis ng inyong anak sa pampublikong paaralan at sa  
9 paglalagay ng inyong anak sa pribadong paaralan. Maaaring tanggihan ng hukuman o  
10 ng opisyal ng pagdinig ang anumang pagbawi sa gastusin maliban kung maipapakita  
11 ninyo ang isa o higit pa sa mga sumusunod: 1) hindi kayo nakakapagbasa at  
12 nakakapagsulat at hindi kayo nakakapagsulat sa Ingles, o 2) ang pagtatalaga ng distrito  
13 ng paaralan ay magresulta sa pinsala sa pangangatawan o malubhang pinsala sa  
14 emosyon ng inyong anak.

15 (20 U.S.C. seksyon 1412(a)(10)(C); 34 C.F.R. seksyon 300.148; Kodigo ng Edukasyon  
16 mga seksyon 56175-56177.)

## 17 **PAGKAKATAONG IHARAP AT LUTASIN ANG MGA REKLAMO**

### 18 **A. MGA PAMAMARAAN NG REKLAMO NG ESTADO**

19 Pinagkakalooban ng IDEA ang mga magulang ng pagkakataong iharap at lutasin  
20 ang mga reklamo tungkol sa anumang bagay na nauugnay sa pagtukoy, pagsusuri o  
21 pagtatalaga sa edukasyon ng inyong anak o sa pagkakaloob ng libreng naaangkop na  
22 pampublikong edukasyon sa inyong anak. Maaaring ihain ang mga nakasulat na  
23 reklamo sa distrito ng paaralan o sa mga ahensya ng estado o pederal na agensya sa  
24 mga address na nakalista sa ibaba. Dapat isaad sa mga reklamo sa pagsunod ang  
25 paglabag na nangyari ng hindi hihigit sa isang (1) taon bago ang petsa kung kailan  
26 natanggap ang reklamo. Isang kopya ng nakasulat na reklamo ang dapat ding ibigay sa  
27 distrito ng paaralang naglilingkod sa bata sa parehong panahong inihain ito sa ahensya  
28 ng estado. Ang distrito ng paaralan, ahensya ng estado o pederal na ahensya ay may  
29 animnapung (60) araw mula sa petsa ng pagkakatanggap ng reklamo upang  
30 makapagpasya sa bagay na ito. Para sa mga reklamong inihain sa distrito ng paaralan,  
31

1 sa loob ng labinlimang (15) araw mula nang matanggap ang pagpapasya ng distrito ng  
2 paaralan, maaari ninyong iapela ang desisyon ng distrito ng paaralan sa California  
3 Department of Education (CDE, Kagawaran ng Edukasyon ng California). Maaari ring  
4 direktang ihain ang mga reklamo sa CDE.

5  
6 Maaari rin ninyong pakinabangan ang proseso ng reklamo sa pagsunod upang  
7 iulat ang pagkakataong may diskriminasyon, panghahas, pananakot o pambu-bully.  
8 Dapat ihain ang reklamo sa distrito ng paaralan ng hindi lalampas ng anim na buwan  
9 mula sa petsang nangyari ang insidente, o sa petsang una ninyong nalaman ang  
10 pangyayari. Ang mga itinakdang panahon sa pagsasagawa at pagkumpleto ng  
11 imbestigasyon sa reklamo at pagbibigay ng desisyon ay nakalista sa naunang talata.

12  
13 Distrito ng Paaralan ng \_\_\_\_\_

14 Attn: \_\_\_\_\_

15 [INSERT ADDRESS]

16 Telepono: \_\_\_\_\_

17 Fax: \_\_\_\_\_

18  
19  
20 California Department of Education

21 Special Education Division

22 Procedural Safeguards Referral Service

23 1430 N Street, Suite 2401

24 Sacramento, California 95814

25 Telepono: 1-800-926-0648

26 Fax: (916) 327-3704

27 <http://www.cde.ca.gov/re/cp/uc/index.asp>

28  
29 United States Department of Education

30 Office for Civil Rights

31 50 Beale Street, Suite 7200

1 San Francisco, CA 94105

2 Telepono: (415) 486-5555

3 Fax: (415) 486-5570

4 TDD: (800) 877-8339

5 <http://www2.ed.gov/about/offices/list/ocr/index.html>

6  
7 Hinihikayat ng distrito ng paaralan na ihain ninyo ang inyong reklamo sa distrito  
8 ng paaralan. Makikipagpulong kami sa inyo at iimbestigahan ang inyong reklamo sa  
9 oras at susubukang lutasin ang anumang mga pag-aalala. Ang distrito ng paaralan ay  
10 nagtatag ng mga kumpidensyal na pamamaraan para sa paghahain ng mga reklamo.  
11 Makukuha ang complaint form (porma ng reklamo) mula sa distrito ng paaralan.

12 (20 U.S.C. Seksyon 1415(b)(6); 34 C.F.R. seksyon 300.153; Kodigo ng Edukasyon  
13 seksyon 56500.2; 5 CCR seksyon 4600.)

14  
15 **B. MGA PAMAMARAAN SA PAMAMAGITAN AT PAGDINIG SA KAUKULANG**  
16 **PROSESO**

17 Iniaatasan ng IDEA ang mga estado na magtakda ng mga pamamaraan para sa  
18 pamamagitan (mediation) at mga walang-pinapanigang pagdinig sa kaukulang proseso  
19 tungkol sa pagtukoy, pagtatasa, at pagtatalaga sa edukasyon ng inyong anak o sa  
20 pagkakaloob ng FAPE. Kayo o ang distrito ng paaralan ay maaaring maghain ng  
21 kahilingan para sa pamamagitan-lamang o pagdinig sa kaukulang proseso hinggil sa  
22 reklamo.

23  
24 Dapat ilagay sa inyong kahilingan para sa pamamagitan-lamang o pagdinig sa  
25 kaukulang proseso ang pangalan at address ng bata, petsa ng kapanganakan, baitang  
26 at pangalan ng paaralang pinapasukan ng bata, impormasyon ng magulang, mga panig  
27 sa pamamagitan, paglalarawan ng katangian ng problema, kabilang ang mga  
28 katotohanang nauugnay sa naturang problema, at ang iminumungkahing resolusyon sa  
29 problema. Bumuo ang CDE ng mga modelong porma upang tulungan kayo sa  
30 paghahain ng kahilingan para sa pamamagitan-lamang o pagdinig sa kaukulang  
31 proseso. Maaari ninyong i-access ang mga modelong form na ito sa:

1 <http://www.dgs.ca.gov/oah/home/forms.aspx>

2  
3 Dapat ninyong isilbi ang pamamagitan-lamang o pagdinig sa kaukulang proseso  
4 para sa reklamo sa distrito ng paaralan at maghain ng kopya sa Office of Administrative  
5 Hearings (Tanggapan ng mga Pampangasiwaang Pagdinig) sa address na nakalista sa  
6 ibaba:

7 Office of Administrative Hearings  
8 Attn: Special Education Division  
9 2349 Gateway Oaks Drive, Suite 200  
10 Sacramento, CA 95833-4231  
11 Telepono: (916) 263-0880  
12 Fax: (916) 376-6319  
13 [SEFilings@dgs.ca.gov](mailto:SEFilings@dgs.ca.gov)

14  
15 Sa California, boluntaryo ang pamamagitan. Maaari kayong humiling ng pagdinig  
16 sa kaukulang proseso o pamamagitan-lamang. Ang pamamagitan-lamang ay  
17 nangangahulugang humihiling kayo ng pamamagitan nang hindi humihiling ng pagdinig  
18 sa kaukulang proseso. Ang pamamagitan ay isang hindi pormal na paglilitis  
19 isinasagawa sa paraang hindi nakikipaglaban. Kung hihilingin ninyo ang pamamagitan-  
20 lamang, kayo at ang distrito ng paaralan ay tatanggap ng abiso na ang pamamagitan ay  
21 iniskedyul, at ang abiso ay maglalaman ng oras, petsa at lokasyon ng pamamagitan,  
22 pati na rin ang pangalan, address, at numero ng telepono ng tagapamagitang  
23 nakatalaga sa kaso na may kaalaman at walang pinapanigan. Dapat iiskedyul ang  
24 pamamagitan sa loob ng 15 araw ng pagtanggap ng kahilingan ng Office of  
25 Administrative Hearing. Hindi maaaring dumalo ang mga abogado sa pamamagitan-  
26 lamang. Ngunit, kayo o ang distrito ng paaralan ay maaaring masamahan at  
27 mapayuhan ng mga kinatawang hindi abogado. Ang mga pahayag na ibinigay ninyo at  
28 ng distrito ng paaralan sa panahon ng pamamagitan ay kumpidensyal at hindi maaaring  
29 gamitin sa pagdinig sa kaukulang proseso o aksyon ng hukuman. Ang anumang  
30 napagkasunduan sa panahon ng pamamagitan ay dapat nakasulat at pirmahan ng lahat  
31 ng panig. Maaari rin ninyong hilingin sa distrito ng paaralan na lutasin ang mga hindi

1 pagkakasundo sa pamamagitan ng alternative dispute resolution (ADR, alternatibong  
2 resolusyon sa hindi pagkakasundo), na hindi rin gaanong nakikipaglaban kung  
3 ihahambing sa pagdinig sa kaukulang proseso. Ang ADR at pamamagitan ay mga  
4 boluntaryong paraan ng paglutas sa hindi pagkakasundo. Kung hindi nalutas ang hindi  
5 pagkakasundo sa panahon ng pamamagitan o sa ADR, maaari kang magpatuloy sa  
6 pagdinig sa kaukulang proseso. Ang Pamamagitan o ADR ay hindi mga prerekisito sa  
7 paghiling ng pagdinig sa kaukulang proseso.

8  
9 Ang pagdinig sa kaukulang proseso ay isang pormal na paglilitis kung saan kayo  
10 at ang distrito ng paaralan ay binibigyan ng pagkakataong magharap ng mga saksi,  
11 nakadokumentong ebidensya, at pasalita at nakasulat na pangangatwirang  
12 sumusuporta sa inyong mga nauukol na posisyon hinggil sa mga hindi  
13 napagkakasunduang isyu sa espesyal na edukasyon. Maaari kayong humiling ng  
14 kumperensya ng pamamagitan sa anumang oras sa panahon ng pagdinig sa kaukulang  
15 proseso. Ang kahilingan para sa pagdinig sa kaukulang proseso ay dapat ihain sa loob  
16 ng (2) taon mula sa petsa kung kailan napag-alaman o dapat napag-alaman ninyo at ng  
17 distrito ng paaralan ang tungkol sa nasabing aksyon na naging batayan ng pagdinig sa  
18 kaukulang proseso para sa reklamo. Sa pagtanggap ng kahilingan para sa pagdinig sa  
19 kaukulang proseso, kayo at ang distrito ng paaralan ay tatanggap ng abiso mula sa  
20 Office of Administrative Hearings na may oras, petsa at lokasyon ng pagdinig sa  
21 kaukulang proseso. Kung ang inyong pangunahing wika ay hindi Ingles, o ibang paraan  
22 ng komunikasyon, magkakaloob ng isang tagasalin para sa inyo sa pagdinig.

23  
24 Bago ang pagkakataon para sa isang walang pinapanigang pagdinig sa  
25 kaukulang proseso sa, sa loob ng labinlimang (15) araw ng pagtanggap ng inyong  
26 pagdinig sa kaukulang proseso para sa pagdinig, inatasan ang distrito ng paaralan na  
27 magdaos ng mandatoryong pagpupulong para sa resolusyon kasama kayo at ang mga  
28 nauukol na miyembro ng Pangkat ng IEP na may partikular na kaalaman sa mga  
29 katotohanang binanggit sa inyong reklamo, kung saan matatalakay ninyo ang inyong  
30 reklamo at ang mga katotohanang naging batayan ng inyong reklamo, at ang distrito ng  
31 paaralan ay bibigyan ng pagkakataong lutasin ang reklamo. Dapat isama sa

1 pagpupulong para sa resolusyon ang kinatawang mula sa distrito ng paaralan na may  
2 awtoridad sa paggawa ng desisyon sa ngalan ng distrito ng paaralan, ngunit hindi  
3 maaaring isama ang abogado para sa distrito ng paaralan maliban kung may kasama  
4 ring abogado ang magulang. Ang mga singil ng mga abogado ay hindi maaaring igawad  
5 sa pagpupulong na nauugnay sa resolusyon. Maliban kung sumasang-ayon ang distrito  
6 ng paaralan, hindi ninyo maaaring ipagpaliban ang mandatoryong pagpupulong para sa  
7 resolusyon. Kung nagkaroon ng resolusyong lutasin ang reklamo sa mandatoryong  
8 pagpupulong para sa resolusyon, dapat pirmahan ng mga panig ang kasunduang dapat  
9 sundin ayon sa batas. Kung hindi nalutas ng distrito ng paaralan ang reklamo sa  
10 paraang ikasisiya ninyo sa loob ng tatlumpong (30) araw ng pagtanggap ng reklamo,  
11 ang pagdinig sa kaukulang proseso ay maaaring magpatuloy at ang lahat ng  
12 naaangkop na itinakdang panahon para sa pagdinig sa kaukulang proseso ay  
13 magsisimula.

14  
15         Limitado ang pagdinig sa kaukulang proseso sa mga isyung binanggit sa inyong  
16 pagdinig sa kaukulang proseso para sa reklamo. Ang walang pinapanigang opisyal ng  
17 pagdinig ang mangangasiwa sa pagdinig sa kaukulang proseso. May karapatan kayong  
18 masamahan at mapayuhan ng isang abogado at ng mga indibidwal na may espesyal na  
19 kaalaman o kasanayan kaugnay ng mga problema ng mga batang may mga  
20 eksepsiyonal na pangangailangan; karapatang magharap ng ebidensya, mga nakasulat  
21 at pasalitang pangangatwiran; karapatang kumprontahin, masusing tanungin ang saksi  
22 ng kabilang panig at ipilit ang pagdalo ng mga saksi; karapatan sa nakasulat o  
23 elektronikong rekord ng eksaktong salita ng pagdinig; at karapatan sa mga nakasulat na  
24 natuklasang katotohanan at desisyon.

25  
26         Hindi bababa sa sampung (10) araw bago ang pagdinig, kayo at ang distrito ng  
27 paaralan ay dapat ipaalam sa bawat isa ang mga isyung pagpapasyahan sa pagdinig at  
28 ang iminumungkahing resolusyon sa mga isyung iyon, pati na rin ang kung  
29 kakatawanan ng abogado ang mga panig sa pagdinig. Hindi bababa sa limang (5) araw  
30 ng tanggapan bago ang pagdinig, kayo at ang distrito ng paaralan ay dapat isiwalat ang  
31 lahat ng inyong saksi at ebidensyang nilalayon ninyong ilabas sa pagdinig kabilang ang

1 mga nakumpletong pagsusuri sa kabilang panig, o kung hindi ay hindi maaaring ilabas  
2 sa pagdinig ang mga saksi, ebidensya o mga pagsusuri.

3 Sa pangkalahatan, ang desisyon ng opisyal ng pagdinig ay dapat gawin sa  
4 malalaking batayan base sa pagpapasya kung ang inyong anak ay nakatanggap ng  
5 FAPE. Dapat makagawa ng pinal na desisyon ang opisyal ng pagdinig at ipadala ang  
6 kopya ng nakasulat na desisyon sa inyo at sa distrito ng paaralan sa loob ng apatnapu't  
7 limang (45) araw ng pagtanggap ng kahilingan para sa pagdinig ng Office of  
8 Administrative Hearings o State Superintendent of Public Instruction (Superintendente  
9 ng Pampublikong Pagtuturo ng Estado), maliban kung iginawad ang pagpapatuloy para  
10 sa mabuting dahilan. Ang desisyong ginawa sa pagdinig sa kaukulang proseso ay pinal,  
11 maliban kung ang sinumang panig na kabahagi ng pagdinig ay maaaring iapela ang  
12 desisyon sa pamamagitan ng paghahain ng aksyong sibil kaugnay ng mga natuklasan  
13 at desisyon sa reklamo sa kaukulang proseso.

14 (20 U.S.C. mga seksyon 1415(b)(7)(a)–1415(j); 34 C.F.R. mga seksyon 300.506–  
15 300.518; Kodigo ng Edukasyon mga seksyon 56500.3, 56502–56507; 5 CCR seksyon  
16 3082.)

### 17 18 **MGA AKSYONG SIBIL**

19 Kayo o ang distrito ng paaralan ay maaaring iapela ang desisyon ng opisyal ng  
20 pagdinig sa pamamagitan ng paghahain ng aksyong sibil. Ang apelang ito ay dapat  
21 isagawa sa loob ng siyamnapung (90) araw pagkatapos ng petsa ng desisyon ng  
22 opisyal ng pagdinig. Sa aksyong sibil, ang mga rekord at transkripsyon ng mga  
23 administratibong paglilitis ay ihahain sa hukuman. Maaaring pakinggan ng hukuman  
24 ang karagdagang ebidensya sa kahilingan ng alinmang panig at dapat ibase ang  
25 desisyong ito sa matibay na ebidensya ng nagsasampa ng kaso (preponderance of  
26 evidence). Maaaring ihain ang aksyon sa United States District Court (Hukuman ng  
27 Distrito ng Estados Unidos) o sa Orange County Superior Court (Nakatataas na  
28 Hukuman ng Orange County).

29 (20 U.S.C. seksyon 1415(i); 34 C.F.R. mga seksyon 300.514, 300.516; Kodigo ng  
30 Edukasyon seksyon 56505(k).)



1 **MGA SINGIL NG ABOGADO**

2 Ang United States District Court o ang Orange County Superior Court ay may  
3 awtoridad na gawaran ka ng mga makatwirang singil ng mga abogado kung kayo ang  
4 nananaig na panig sa pagdinig sa kaukulang proseso o aksyong sibil; o gawaran ang  
5 distrito ng paaralan ng mga makatwirang singil ng mga abogado kung ang inyong  
6 abogado ay naghain ng reklamo o kasunod na dahilan ng aksyon na walang basehan,  
7 hindi makatwiran, o walang pundasyon, o ang reklamo o kasunod na aksyon ay inihain  
8 para mangharas, magdulot ng hindi kinakailangang pagkaantala, o sa hindi  
9 kinakailangang paraan ay dagdagan ang gastos sa litigasyon. Ang mga singil na  
10 igagawad ay batay sa mga umiiral na bayad sa komunidad kung saan ginanap ang  
11 aksyon o paglilitis. Walang singil sa mga abogado ang maaaring igawad sa inyo  
12 kasunod ng nakasulat na handog ng pakikipagkasundo mula sa distrito ng paaralan ng  
13 hindi bababa sa sampung (10) araw bago ang pagdinig, kung natagpuan ng hukuman o  
14 opisyal ng pagdinig na ang remedyong inyong nakuha sa huli ay mas hindi makakabuti  
15 kaysa sa nakasulat na handog ng pakikipagkasundo. Ngunit hindi mababawasan ang  
16 mga singil ng mga abogado kung lubos kang nakapagpatunay sa pagtangga sa handog  
17 ng pakikipagkasundo, o pinatagal ng distrito ng paaralan ang mga paglilitis sa hindi  
18 makatwirang paraan.

19  
20 Maaaring hindi igawad sa inyo ang mga singil ng abogado at mga kaugnay na  
21 gastos kung pinatagal ninyo sa hindi makatwirang paraan ang pinal na resolusyon ng  
22 kontrobersiya o ang halaga ng mga singil na hiniling ay hindi makatwiran. Bukod dito,  
23 ang mga singil ng abogado o mga kaugnay na gastos ay maaaring hindi igawad para sa  
24 panahong ginugol ng abogado sa pagdalo sa mga pagpupulong para sa resolusyon,  
25 maliban kung ang pagpupulong ng pangkat ng IEP ay idinaos bilang resulta ng  
26 administratibong paglilitis o aksyong panghukuman.  
27 (20 U.S.C. seksyon 1415(i)(3); 34 C.F.R. seksyon 300.517; Kodigo ng Edukasyon  
28 seksyon 56507(b).)

1 **MGA ESPESYAL NA PAARALAN NG ESTADO**

2 Ang mga State Special School (Especyal na Paaralan ng Estado) na pinatatakbo  
3 ng CDE ay nagkakaloob ng mga serbisyo sa mga hindi nakakarinig, nahihirapang  
4 makarinig, hindi nakakakita, may kapansanan sa paningin, o hindi nakakarinig-hindi  
5 nakakakita sa bawat isa sa tatlo nitong pasilidad: ang California Schools for the Deaf  
6 (Mga Paaralan ng California para sa mga Hindi Nakakarinig) sa Fremont at Riverside at  
7 sa California School for the Blind (Paaralan para sa Hindi Nakakakita ng California) sa  
8 Fremont. Ang mga residensyal at pang-araw na programa ng paaralan ay naghahandog  
9 sa mga estudyanteng mula pagkapanganak hanggang sa edad na 21 taong gulang sa  
10 parehong Schools for the Deaf ng Estado, at mula sa mga edad na lima hanggang 21  
11 taong gulang sa California School for the Blind. Ang mga State Special School ay  
12 naghahandog din ng mga serbisyo ng pagtatasa at teknikal na tulong. Para sa higit  
13 pang impormasyon tungkol sa mga State Special School, mangyaring bumisita sa Web  
14 site ng California Department of Education sa <http://www.cde.ca.gov/sp/ss/> o humingi  
15 ng higit pang impormasyon mula sa mga miyembro ng pangkat ng IEP ng inyong anak.

16 (Kodigo ng Edukasyon seksyon 56321.6.)  
17

18 **ABISO NG MGA KARAPATAN TUNGKOL SA**

19 **PAGGAMIT NG MGA PAMPUBLIKONG BENEPISYO O SEGURO**

20 Ang abisong ito ay ipinagkakaloob sa inyo bilang mga magulang, legal na  
21 tagapag-alaga, kahaliling magulang o hinirang ng hukuman na may hawak ng mga  
22 karapatan sa edukasyon, dahil ang inyong anak ay o maaaring tumatanggap ng mga  
23 serbisyo ng especyal na edukasyon sa ilalim ng IDEA. Inaatasan ng IDEA ang mga  
24 distrito ng paaralan na magbigay ng paunang nakasulat na abiso ng inyong mga  
25 karapatan at proteksyon kapag sinusubukan nitong gamitin ang mga pampublikong  
26 benepisyo (iyon ay, Medi-Cal) o seguro ng inyong anak upang magbayad para sa  
27 especyal na edukasyon at mga kaugnay na serbisyo. Ibibigay ang abisong ito sa inyo  
28 bago subukan ng distrito ng paaralan na gamitin ang mga pampublikong benepisyo o  
29 seguro ng inyong anak sa unang pagkakataon, at taun-taon pagkatapos.  
30  
31

1 Sa inyong nakasulat na pahintulot, maaaring magsumite ang distrito ng paaralan  
2 ng mga claim sa pampublikong benepisyo o programa ng seguro ng inyong anak gaya  
3 ng programang Medi-Cal ng California.

4  
5 Hindi kayo maaaring atasan ng distrito ng paaralan na mag-sign up para sa o  
6 mag-enrol sa mga pampublikong benepisyo o programa ng seguro upang makatanggap  
7 ang inyong anak ng FAPE sa ilalim ng IDEA. Hindi kayo maaaring atasan ng distrito ng  
8 paaralan na bayaran ang mga gastusin nang mula sa bulsa gaya ng pagbabayad ng  
9 deductible o co-pay. Hindi maaaring gamitin ng distrito ng paaralan ang mga benepisyo  
10 ng inyong anak sa ilalim ng mga pampublikong benepisyo o programa ng seguro kung  
11 sa paggawa nito ay (1) mababawasan ang makukuhang panghabang-buhay na saklaw  
12 o anumang iba pang nakasegurong benepisyo; (2) magdudulot sa inyong magbayad  
13 para sa mga serbisyong sa ibang paraan ay magiging saklaw ng inyong mga  
14 pampublikong benepisyo o programa ng Seguro dahil kailangan din ng inyong anak ang  
15 mga serbisyong iyon sa labas ng mga araw ng pasukan; (3) tataas ang mga premium o  
16 mauwi sa pagputol ng inyong mga pampublikong benepisyo o seguro; o (4)  
17 magdudulot sa inyong ipagsapalaran ang pagkawala ng pagiging karapat-dapat para sa  
18 mga waiver na nakabase sa tahanan at komunidad batay sa inyong kabuuang  
19 gastusing nauugnay sa kalusugan.

20 (34 CFR Seksyon 300.154(d)(1)(2)(i)-(v) at (e); Kodigo ng edukasyon seksyon  
21 56363.5.)

22  
23 **Mayroon Kayong Karapatang:**

- 24  
25
- 26 • Boluntaryong bigyan ang distrito ng paaralan ng nakasulat na pahintulot upang  
27 isiwalat ang mga rekord na pang-edukasyon na naglalaman ng mga personal na  
28 matutukoy na impormasyon ng inyong anak gaya ng mga IEP o mga ulat ng  
29 pagtatasa sa Medi-Cal, o iba pang mga pampublikong benepisyo o programa ng  
30 seguro para sa mga layunin ng paniningil.
- 31

- 1 • Iurong ang inyong pahintulot sa pagsisiwalat ng personal na matutukoy na  
2 impormasyon ng inyong anak sa Medi-Cal, o iba pang mga pampublikong  
3 benepisyo o programa ng seguro **sa anumang oras** nang alinsunod sa inyong  
4 mga karapatan sa ilalim ng Family Educational Rights and Privacy Act (FERPA  
5 (Batas sa mga Karapatan at Pagkapribado ng Pamilya Hinggil sa Edukasyon);  
6 Titulo 20 ng Kodigo ng Estados Unidos, Seksyon 1232 (g), Titulo 34 ng Kodigo  
7 ng mga Pederal na Regulasyon Bahagi 99) at ng IDEA (Titulo 20 ng Kodigo ng  
8 Estados Unidos, Seksyon 1400), Titulo 34 Kodigo ng mga Pederal na  
9 Regulasyon Bahagi 300).
- 10
- 11 • Tumangging magbigay ng pahintulot sa pagsisiwalat ng personal na matutukoy  
12 na impormasyon ng inyong anak sa Medi-Cal, o iba pang mga pampublikong  
13 benepisyo o programa ng seguro para sa mga layunin ng paniningil. Kung wala  
14 ang inyong pahintulot, hindi maaaring gamitin ng distrito ng paaralan ang mga  
15 pampublikong benepisyo o seguro ninyo o ng inyong anak.
- 16
- 17 • Ipapatuloy sa inyong anak ang pagtanggap ng FAPE **nang walang bayad para**  
18 **sa inyo**, kung iurong ninyo ang pahintulot o tatanggihan ninyo ang pagbibigay  
19 ng pahintulot na isiwalat ang personal na matutukoy na impormasyon ng inyong  
20 anak sa Medi-Cal, o iba pang mga pampublikong benepisyo o mga programa ng  
21 seguro para sa mga layunin ng paniningil.
- 22

23 Kung iurong ninyo ang inyong pahintulot o tatanggihan ninyo ang pagbibigay ng  
24 pahintulot para gamitin ng distrito ng paaralan ang Medi-Cal o iba pang mga  
25 pampublikong benepisyo o mga programa ng seguro upang magbayad para sa mga  
26 nararapat na espesyal na edukasyon at mga kaugnay na serbisyo, dapat patuloy na  
27 tiyakin ng distrito ng paaralan na ang lahat ng iniaatas na espesyal na edukasyon at  
28 mga kaugnay na serbisyo ay ipinagkakaloob **nang walang bayad para sa inyo**.

29

30 Kung aawtorisahan ninyo ang distrito ng paaralan na isiwalat ang personal na  
31 matutukoy na impormasyon, mangyaring pirmahan at petsahan ang Consent to

1 Disclose Personally Identifiable Information form (pormang Pahintulot upang Isiwalat  
2 ang Personal na Matutukoy na Impormasyon) sa ibaba, at isaad ang personal na  
3 matutukoy na impormasyong maaaring isiwalat ng distrito ng paaralan, ang layunin ng  
4 pagsisiwalat, at ang ahensya kung saan maaaring isiwalat ng distrito ng paaralan ang  
5 impormasyon.

6  
7 **Pahintulot upang Isiwalat ang Personal na Matutukoy na Impormasyon**

8  
9 Nauunawaan at sumasang-ayon ako na ang Distrito ng Paaralan ng  
10 \_\_\_\_\_ ay maaaring gamitin ang mga pampublikong benepisyo o  
11 seguro ko o ng aking anak upang magbayad para sa espesyal na edukasyon at mga  
12 kaugnay na serbisyo sa ilalim ng IDEA. Higit ko pang ipinagkakaloob ang pahintulot  
13 para makipagpalitan at isiwalat ng Distrito ng Paaralan ng \_\_\_\_\_ ang  
14 personal na matutukoy na impormasyon ng aking anak na nakapaloob sa mga rekord o  
15 impormasyon tungkol sa mga serbisyong maaaring ipagkaloob sa aking anak, pati na  
16 rin ang \_\_\_\_\_ **[INSERT ANY OTHER INFORMATION**  
17 **REQUIRED TO BE DISCLOSED]** para sa mga layunin ng paniningil, sa Medi-Cal,  
18 \_\_\_\_\_ **[INSERT ANY ADDITIONAL PUBLIC BENEFITS**  
19 **PROVIDER OR INSURANCE]**. Identification number (numero ng pagkakakilanlan) ng  
20 Seguro o Medi-Cal: \_\_\_\_\_.

21  
22  
23 \_\_\_\_\_  
24 Magulang/Tagapag- alaga/Estudyanteng Nasa      Magulang/Tagapag- alaga/Estudyanteng Nasa      Petsa  
25 Hustong Gulang      Hustong Gulang  
26 Ilimbag ang Pangalan      Pirma

27  
28  
29  
30 Pangalan ng Bata: \_\_\_\_\_  
31 Petsa ng Kapanganakan \_\_\_\_\_